




# Lakewood Station

Mga Pagpapahusay sa Access

Hulyo 2022



## Pagpapalano ng pinadaling access sa Lakewood Station

May mga gagawing pagpapahusay ang Sound Transit malapit sa Lakewood Station para mas madaling ma-access ng lahat ang mga tren ng Sounder at ang serbisyo ng bus sa rehiyon.

Noong 2021, sa suporta ng Lungsod at Lakewood at input mula sa komunidad, may mga natukoy kaming pagpapahusay na puwedeng gawin gaya ng mga bagong sidewalk at lane para sa bisikleta, upgraded na hintuan ng bus, at higit pa.

### Ano'ng nangyayari ngayon?

Nakikipagtulungan kami sa Lungsod ng Lakewood sa paunang disenyo at conceptual engineering. Magsasagawa rin kami ng proseso sa kapaligiran para masuri ang mga posibleng epekto at benepisyo.

### Patuloy na makibahagi!

Makikipag-ugnayan kami sa huling bahagi ng taong ito para hingin ang iyong feedback sa mga pagpapahusay na puwedeng gawin.

**Sa ngayon, matuto pa at mag-sign up para sa mga update sa:**

[soundtransit.org/lakewood-station-access](https://soundtransit.org/lakewood-station-access)

Mag-email o tumawag sa amin:

**Melanie Mayock**, Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, 206-689-4877 o mag-email sa: [melanie.mayock@soundtransit.org](mailto:melanie.mayock@soundtransit.org)

May mapa sa likod →

# Mga halimbawang pagpapahusay sa Lakewood

## Mga pagpapahusay sa istasyon

Magsasama ng mga pagpapahusay sa accessibility ng istasyon para sa mga taong may kapansanan at hindi nagsasalita ng Ingles, kasama ang:

- Pagpapadali sa paghahanap ng pupuntahan, pagdaragdag ng PA system, at pag-install ng tactile pavement.
- Pagdaragdag ng shelter para sa boarding ramp alinsunod sa Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA) para sa mga taong may kapansanan o mobility device, gaya ng wheelchair o walker, at paggawa ng mga curb ramp retrofit.
- Pag-retrofit sa garaheng paradahan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng paradahan para sa micromobility (paradahan para sa mga de-kuryenteng scooter at bisikleta)

## Koneksyon ng tulay at sidewalk sa 47th Ave S.W.

- Pag-reconfigure sa tulay para magbigay ng limang talampakan na sidewalk sa bandang kaliwa ng kalsada at pag-aalis sa sidewalk sa bandang silangan.
- Sa hilaga ng tulay, pagdaragdag ng sidewalk at lane para sa bisikleta (southbound) sa bandang kanluran ng 47th Ave S.W.
- Sa timog ng tulay, pagdaragdag at pagpapahusay ng mga sidewalk sa bandang kanluran ng kalye at pagdaragdag ng mga sharrow

## Mga koneksyon sa Bridgeport Way via 115th St. Ct. S.W.

Papahusayin ang mga koneksyon sa pagitan ng mga hintuan ng pampublikong transportasyon sa Bridgeport Way S.W. at istasyon via 115th St. Ct. S.W. Kasama sa mga pagpapahusay na ito ang:

- Pagdaragdag ng ilaw sa mga hintuan ng bus sa Bridgeport Way S.W.
- Pagdaragdag ng crosswalk o tawiran ng pedestrian na may signal sa Bridgeport Way S.W. sa 115th St. Ct. S.W.



*Ipinapakita ng mapang ito ang ilan sa mga iminumungkahing pagpapahusay para sa pag-access sa Lakewood Station.*

- Pagdaragdag ng sidewalk sa bandang hilaga ng 115th St. Ct. S.W. Posibleng kasama rito ang pagkawala ng humigit-kumulang 20 paradahan sa kalye.
- Pagdaragdag ng mga sharrow sa 115th St. Ct. S.W. para magamit din ng mga bisikleta ang kalye.
- Pagmamarka ng lugar para sa pag-pick up/pag-drop off sa dulo ng cul de sac sa 115th St. Ct. S.W.
- Pagbibigay ng bagong koneksyon sa trail mula sa 115th St. Ct. S.W. sa tulay para sa pedestrian na nakakonekta sa istasyon.

## Manatiling updated

Mag-sign up para sa mga update sa proyekto:

[soundtransit.org/subscribe](https://soundtransit.org/subscribe).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga proyekto o serbisyo ng Sound Transit, bumisita sa [soundtransit.org](https://soundtransit.org) o tumawag sa 800-201-4900 / TTY: 711.

Para sa impormasyong nasa mga alternatibong format, tumawag sa 800-201-4900 / TTY: 711

o mag-email sa [accessibility@soundtransit.org](mailto:accessibility@soundtransit.org).

## Impormasyon sa iba pang wika

Para sa impormasyon tungkol sa proyekto, tumawag sa: 800-823-9230.

I-follow kami:

